



**KAUTUSAN Blg. c19-11 NG OPISYAL NG KALUSUGAN  
NG COUNTY NG SAN MATEO NA NAG-AATAS SA  
LAHAT NG INDIBIDWAL SA COUNTY NA LIMITAHAN ANG MGA PAGTITIPON  
NA HINDI HIHIGIT SA 50 KATAO, PAHINTULUTAN ANG MGA MALILIIT NA  
GRUPO (SOCIAL BUBBLES), SUMUNOD SA MGA REKISITO SA PANLIPUNANG  
PAGDIDISTANSYA (SOCIAL DISTANCING), MGA REKISITO SA PANTAKIP SA  
MUKHA, AT HUMIHILING SA MGA NEGOSYO NA MAGPATUPAD NG  
PROTOKOL SA PANLIPUNANG PAGDIDISTANSYA AT MGA NAKASULAT NA  
PLANONG PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN**

**PETSA NG KAUTUSAN: Hunyo 17, 2020**

**Mangyaring basahin nang mabuti ang Kautusang ito. Ang paglabag o hindi pagsunod sa Kautusang ito ay isang pagkakamaling napapatawan ng multa, pagkakakulong, o pareho. (Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ng California § 120295, *et seq.*; Cal. Kodigo Penal §§ 69, 148(a)(1))**

SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG MGA SEKSYON SA ALTITUNTUNING PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN NG CALIFORNIA 101040, 101085, AT 120175, INIAATAS NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO (“OPISYAL NG KALUSUGAN”) NA:

1. **Panimula.** Noong Hunyo 12, 2020, matapos na matugunan ang mga pamantayang nakalista sa form ng COVID-19 County Variance Attestation na itinakda ng California Department of Public Health ("CDPH"), ang County ng San Mateo (ang "County") ay nagsumite ng isinulat na pagpapatunay sa CDPH na natugunan ng County ang pamantayan sa pagiging handa upang maging kwalipikado para sa pagbabago (variance). Noong Hunyo 16, 2020, inaprubahan ng CDPH ang pagsumite ng County. Dahil mayroong pagbabago (variance) ang County, simula sa itinakdang petsa at oras ng Kautusang ito na nakasaad sa Seksyon 15 sa ibaba, maaaring ipagpatuloy ng County ang unti-unting pagbubukas muli upang maging angkop sa pinakamalawak na pinahihintulutan ng Resilience Roadmap ng Estado. Ang Kautusang ito ay inilaan upang ganap na iayon ang County sa Estado hinggil sa mga pinahihintulutang aktibidad at negosyo. Kung ang isang aktibidad o negosyo ay pinahihintulutan sa ilalim ng Marso 19, 2020 na Kautusan ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ("Kautusan ng Estado na Manatili sa Loob ng Tahanan") kasunod ng pagbibigay kahulugan o pagbabago ng Estado, ang layunin ay pinapayagan ito sa ilalim ng Kautusang ito. Bukod dito, habang patuloy na pinapayagan ng Estado ang mga karagdagang aktibidad at negosyo sa mga county na may pagbabago (variance), ang layunin ay awtomatikong mapahintulutan ang mga aktibidad at negosyo na iyon sa San Mateo County. Gayunpaman, ang Kautusang ito ay nagbibigay ng ilang karagdagang mga paghihigpit sa pag-uugali upang matiyak ang patuloy na panlipunang pagdidistansya at limitahan ang pakikisalamuha sa kapwa upang mabawasan ang bilis ng pagkalat ng Novel Coronavirus Disease 2019 ("COVID-19"). Lalo na, ang Kautusang ito ay nag-aatas sa patuloy na pagsasagawa ng mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya at Pantakip sa



Mukha gaya ng inilarawan sa Seksyon 13.d at Seksyon 13.e, ang pagbabawal sa mga pagtitipon na hihigit sa 50 katao na nakasaad sa Seksyon 12, ang pagpahintulot sa mga Maliliit na Pagtitipon (Social Bubbles) tulad ng itinakda sa Seksyon 13.f, at ang kahilingang dapat magpatupad at gumawa ng isang Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya ang mga negosyo tulad ng inilarawan sa Seksyon 13.b at isang nakasulat na planong pangkalusugan at pangkaligtasan alinsunod sa patnubay ng Estado at inilarawan sa Seksyon 13.c.

2. **Pagwalang-bisa sa Kautusang Manatili sa Bahay (Shelter in Place).** Pinawalang-bisa ng Kautusang ito ang Hunyo 4, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-5f (at lahat ng Appendix sa Kautusang Manatili sa Bahay na inilabas noong Hunyo 4, 2020) na nag-aatas sa lahat ng mga indibidwal na manatili sa bahay (Kautusang "Shelter in Place") at ang Mayo 19, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-8b (ang "Kautusan sa Pagtakip ng Mukha"). Gayunpaman, isinasama ng Kautusang ito ang Kautusan sa Pagtakip ng Mukha para sa patuloy na pagsunod sa mga Rekisito sa Pagtakip ng Mukha gaya ng inilarawan sa Seksyon 13.e.
3. **Dahilan.** Inilabas ang Kautusang ito batay sa ebidensiya ng patuloy na matinding pagkalat sa komunidad ng COVID-19 sa loob ng County at sa buong Bay Area; patuloy na kawalan ng kasiguraduhan kaugnay sa antas ng hindi pa natutukoy na paghawa ng walang sintomas; siyentipikong ebidensiya at pinakamahuhusay na kagawian kaugnay ng mga pinakaepektibong paraan para mapabagal ang pagkalat ng mga nakahahawang sakit sa pangkalahatan at partikular sa COVID-19; ebidensiyang dahil sa edad, kondisyon, at kalusugan ng malaking bahagi ng populasyon ng County, nailalagay ito sa panganib ng mga malalang komplikasyon sa kalusugan, kabilang ang pagkamatay mula sa COVID-19; at higit pang ebidensiya na ang iba pang tao, kabilang ang mga mas bata o kaya malulusog na tao, ay nanganganib din sa mga malalang kahihinatnan. Dahil sa biglang paglaganap ng sakit na COVID-19 sa pangkalahatang publiko, na ngayon ay isa nang pandemya ayon sa World Health Organization, may emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa buong County. Ang nagpapalala pa sa problema, ang ilan sa mga indibidwal na nahawahan ng virus na nagdudulot ng sakit na COVID-19 ay walang mga sintomas o mayroong banayad na mga sintomas, na nangangahulugang maaaring hindi nila alam na nagtataglay sila ng virus at naililipat na nila ito sa ibang mga tao. Bukod pa rito, ipinapakita ng ebidensiya na maaaring mabuhay ang virus nang ilang oras o araw sa mga ibabaw ng gamit at maaaring hindi ito direktang maipasa sa pagitan ng mga indibidwal. Dahil kahit ang mga taong walang sintomas ay maaring magkalat ng impeksyon, at dahil ipinapakita ng ebidensiya na madaling kumalat ang impeksyon, ang mga pagtitipon at iba pang direkta o hindi direktang pakikisalamuha sa kapwa ay maaaring magresulta sa maiiwasang pagkalat ng virus.
4. **Ang Opisyal ng Kalusugan ay Patuloy na Magsusubaybay.** Bilang karagdagang isinasaad sa Seksyon 6 sa ibaba, ang Opisyal ng Kalusugan ay patuloy na magsusubaybay sa mga panganib ng aktibidad at negosyong pinapayagan sa ilalim ng Kautusang ito batay sa Mga Tagapagpahiwatig ng COVID-19 (gaya ng inilalarawan sa Seksyon 6) at iba pang datos, at maaaring, kung sinusuportahan ng mga kondisyon, na baguhin ang Kautusan. Ang mga nilalaman ng Kautusang ito ay patuloy na susuriin at maaaring kailangang baguhin kung ang panganib na nauugnay sa COVID-19 ay tumaas sa hinaharap.
5. **Mga Kaso sa Loob ng County at Kalapit na Bay Area.** Ang mga sama-samang pagsisikap na naisakatuparan hanggang sa kasalukuyan kaugnay ng emerhensiyang ito sa pampublikong kalusugan ay



nakapagpabagal sa direksyon (trajectory) ng virus, ngunit patuloy na nananatiling matindi ang kaakibat na emerhensiya at banta sa pampublikong kalusugan. Noong Hunyo 17, 2020, may 2,653 na kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa County (tumaas mula sa 44 noong Marso 15, 2020, bago ang unang kautusang manatili sa bahay) at hindi bababa sa 16,168 kumpirmadong kaso (tumaas mula sa 2,092 kumpirmadong kaso noong Marso 15, 2020) at hindi bababa sa 476 ang namatay (tumaas mula sa 51 na namatay noong Marso 15, 2020) sa pitong nasasakupan sa Bay Area na naunang naglabas ng Kautusang Manatili sa Bahay noong Marso 16, 2020. Patuloy na lumalaki ang pinagsama-samang bilang ng mga kumpirmadong kaso, bagaman bumagal na ang pagtaas ng bilang ng mga kaso ilang linggo bago lumabas ang Kautusang ito. Batay sa ebidensiya, napapabagal ng mga paghihigpit sa paggalaw at ng Mga Requisites sa Panlipunang Pagdidistansya (Social Distancing) na ipinapatupad ng Kautusang Manatili sa Bahay (at ng mga naunang kautusan dito) ang pagtaas ng bilang ng pagkalat sa komunidad at mga kumpirmadong kaso sa pamamagitan ng paglilimita sa pakikisalamuha ng mga tao, na naaayon sa siyentipikong ebidensiya ng pagiging epektibo ng mga katulad na pag-iingat sa iba pang bahagi ng bansa at ng mundo.

6. **Mga Tagapagpahiwatig ng COVID-19** Ang Opisyal ng Kalusugan ay may ilang sinusubaybayang mahahalagang tagapagpahiwatig (“Mga Tagapagpahiwatig ng COVID-19”), na kabilang sa maraming mga kadahilanang nakakapagbigay-impormasyon sa pagpasya kaugnay ng kung dapat bang baguhin ang mga ipinapatupad na mga kautusan ng opisyal ng kalusugan. Ang pag-usad sa ilan sa Mga Tagapagpahiwatig ng COVID-19 na ito—partikular na may kaugnayan sa paggamit at kapasidad ng ospital, ay ginagawang angkop, sa panahong ito, na mapahintulutan ang higit pang aktibidad. Ngunit ang patuloy na paglaganap ng virus na nagdudulot ng COVID-19 ay nag-aatas na manatiling limitado ang mga aktibidad at gawain sa negosyo, at iyong mga aktibidad na pinapayagan ng Estado ng California ay kinakailangang gawin alinsunod sa panlipunang pagdidistansya at iba pang mga kasanayan sa pagkontrol sa impeksyon na tinukoy ng Opisyal ng Kalusugan o Estado. Magiging mahalaga ang pagsusuri sa Mga Tagapagpahiwatig ng COVID-19 sa mga pagpapasya ng Opisyal ng Kalusugan kung papanatilihin ba ang Kautusan o kung babaguhin pa ang mga paghihigpit na ipinapatupad ng Kautusang ito. Patuloy na susuriin ng Opisyal ng Kalusugan kung makatuwiran ang mga pagbabago sa Kautusan at iba pa batay sa (1) pag-usad sa Mga Tagapagpahiwatig ng COVID-19; (2) mga pag-unlad sa mga epidemiological at diagnostikong paraan ng pagtalunton, pag-diagnose, paggamot, o pagsusuri para sa COVID-19; at (3) siyentipikong pag-unawa sa mga dinamiko ng pagkalat at sa klinikal na epekto ng COVID-19. Ang Mga Tagapagpahiwatig ng COVID-19 ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:
  - a. Ang kapasidad ng mga ospital at sistema ng kalusugan sa County at rehiyon, kabilang ang mga kama para sa pangangalaga ng malalang sakit at kama para sa intensive care unit, para mabigyan ng pangangalaga ang mga pasyenteng may COVID-19 at ang iba pang pasyente, pati sa panahon ng pagdami ng mga kaso ng COVID-19.
  - b. Ang supply ng personal na pamproteksyong kagamitan (personal protective equipment, PPE) na available para sa mga tauhan ng ospital at iba pang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at tauhan na nangangailangan ng PPE para ligtas na matugunan at magamot ang mga pasyenteng may COVID-19.



- c. Ang kakayahang at kapasidad na mabilis at tumpak na masuri ang mga tao para matukoy kung positibo sila sa COVID-19, lalo sa mga populasyong madaling maaapektuhan nito o sa mga lugar o trabahong mataas ang panganib.
  - d. Ang kakayahang magsagawa ng pagsisiyasat ng kaso at pagtalunton sa mga nakasalamuhang tao (contact tracing) para sa dami ng mga kaso at nauugnay na kontak na patuloy na mangyayari, paghihiwalay ng mga kumpirmadong kaso at pag-quarantine ng mga taong nakasalamuha ng mga kumpirmadong kaso.
7. **Pagsasama ng mga Kautusan ng County.** Ang Kautusang ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama ayon sa pagsangguni sa Proklamasyon ng Kalagayan ng Emerhensiya (State of Emergency) noong Marso 4, 2020 na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, Proklamasyon ng Direktor ng mga Serbisyong Pang-emerhensiya na Nagpapahayag ng Umiiral na Lokal na Emerhensiya sa County noong Marso 3, 2020, Deklarasyon ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Tungkol sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) noong Marso 3, 2020 na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan, Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo noong Marso 10, 2020 na Nagpapatibay at Nagpapalawig sa Deklarasyon ng isang Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan, Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa noong Abril 7, 2020 na Lalong Nagpapalawig sa Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Hanggang sa Gumawa ng Pagkilos ang County na Wakasan ang Lokal na Emerhensiya, ang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-1c noong Hunyo 15, 2020 na nagpapalawig at nagrererebisa sa Kautusang nagbabawal sa mga bisita sa mga pasilidad na bihasa sa pangangalaga (skilled nursing home facilities) sa lahat ng residensyal na uri ng pasilidad, ang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-4 noong Marso 24, 2020 na nag-aatas sa lahat ng laboratoryong nagsasagawa ng mga dayagnostikong pagsusuri ng COVID-19 na iulat ang impormasyon sa pagsusuri ng COVID-19, mga Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-6b at c19-7b noong Mayo 14, 2020 na nag-aatas sa pagbubukod ng mga indibidwal na positibo sa COVID-19 at pag-quarantine sa mga Malapit na Nakahalubilo (Close Contacts) ng mga indibidwal na positibo sa COVID-19, ang Kautusan sa Pagtitipon sa Sasakyan (Vehicle-Based Gathering) na inilabas noong Mayo 11, 2020 Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-9; at ang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-10 noong Mayo 13, 2020 na nag-aatas sa mga klinikal na laboratoryo na tumanggap ng mga pagtatalaga para sa mga dayagnostikong pagsusuri mula sa Optum Serve at Logistics Health Inc.
8. **Pagsasama ng mga Kautusan ng Estado.** Ang Kautusang ito ay inilabas din dahil sa Kautusan ng Estado na Manatili sa Bahay, na nagtatakda sa pinakabasehan na mga paghihigpit sa buong estado sa hindi-residensyal na mga aktibidad sa negosyo at personal na gawain, na epektibo hanggang sa susunod na abiso, at ang Marso 19, 2020 na Ehekutibong Kautusan ng Gobernador N-33-20 na nag-aatas sa mga residente ng California na sundin ang Kautusan ng Estado na Manatili sa Bahay. Ang Ehekutibong Utos noong Mayo 4, 2020 ni Gobernador Newsom at Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado noong Mayo 7, 2020 ay nagpapahintulot sa ilang partikular na negosyo na muling magbukas kung naniniwala ang isang lokal na opisyal ng kalusugan na makatuwiran ito ayon sa mga kondisyon sa hurisdiksyong iyon, pero hayagang kinikilala ang awtoridad ng mga lokal na opisyal ng kalusugan sa pagtatag at pagpapatupad ng mga pampublikong hakbang sa kalusugan sa kanilang kaukulang mga hurisdiksyon na mas mahigpit kaysa sa ipinapatupad ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado pati na rin ang kasunod na mga pagbabago sa mga kautusan. Ang Kautusang ito ay maaaring



magpatibay sa ilang mga aspeto ng mas mahigpit na mga pagbabawal na tumutugon sa mga partikular na katotohanan at kalagayan sa County na ito, na kinakailangan sa pagkontrol ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan habang ito ay nagbabago sa loob ng County at ng Bay Area. Kung wala ang mga iniakmang hanay ng paghihigpit na ito na higit na nagpapaunti ng bilang ng pakikisalamuha ng mga tao, ipinapahiwatig ng siyentipikong ebidensya na ang krisis ng pampublikong kalusugan sa County ay mas lalala sa punto kung saan ay maaari nitong malampasan ang mga available na mapagkukunan sa pangangalaga ng pangkalusugan sa loob ng County at tumaas ang dami ng namamatay. Bukod pa rito, ang Kautusang ito ay may mga inihahayag na kinakailangang mga rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya para sa lahat ng indibidwal sa County kapag nakikibahagi sa mga aktibidad sa labas ng kanilang mga tirahan; at nagdaragdag ng isang mekanismo upang matiyak na ang lahat ng mga negosyo na may mga pasilidad na pinapayagang magbukas ay sumusunod sa mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya at naghahanda, nagbibigay, nagpapatupad, at namamahagi sa kanilang mga tauhan ng isang planong sumusunod sa patnubay ng Estado. Kung may umiiral na hindi pagkakatumag sa pagitan ng Kautusang ito at ng anumang mga kautusan sa pampublikong kalusugan ng estado na may kaugnayan sa COVID-19 na pandemya, ang may pinakamahigpit na probisyon ang masusunod. Alinsunod sa seksyon 131080 ng Alituntuning Pangkalusugan at Pangkaligtasan ng California at Gabay sa Pagsasanay ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkontrol ng Nakahahawang Sakit sa California, maliban kung ang Opisyal ng Kalusugan ng Estado ay maaaring maglabas ng kautusan na hayagang nakadirekta sa Kautusang ito, at batay sa natuklasan na ang isang probisyon sa Kautusang ito ay nakakasama sa pampublikong kalusugan, patuloy na ilalapat at kokontrol sa County na ito ang iba pang hakbang sa paghihigpit sa Kautusang ito.

9. **Kaangkupan.** Ang lahat ng indibidwal, negosyo at iba pang mga entidad sa County ay inaatasang sumunod sa Kautusang ito. Bilang paglilinaw, dapat sumunod ang mga indibidwal na hindi kasalukuyang nakatira sa County sa lahat ng naaangkop na rekisito sa Kautusan kapag sila ay nasa County. Ang mga paaralan ay maaaring magsagawa ng mga hakbang, hangga't maaari, na saklaw at nilalayon ng mga kautusang ito upang mabalanse ang mga pang-edukasyon at pag-unlad na pangangailangan ng mga batang nasa panganib na mahawahan ng sakit.
10. **Mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya at Pantakip sa Mukha.** Kung kailangan ng mga taong umalis sa kanilang tirahan, dapat na mahigpit na sundin nila ang mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya at Pantakip sa Mukha gaya ng nakasaad sa Seksyon 13.d at 13.e.
11. **Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya at Nakasulat na Planong Pangkalusugan at Pangkaligtasan.** Bilang kondisyon sa pagpapatakbo sa ilalim ng Kautusang ito, ang mga nagpapatakbo ng negosyo ay dapat maghanda o mag-update, magpaskil, magpatupad, at mamahagi sa kanilang mga tauhan ng Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya para sa bawat pasilidad nila sa County na madalas puntahan ng mga tauhan o miyembro ng publiko, gaya ng nakasaad sa Seksyon 13.b. Bukod sa Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya, ang lahat ng negosyong pinapayagang tumakbo sa ilalim ng Kautusang ito ay dapat sumunod sa anumang gabay na partikular sa industriya na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan at Estado ng California kaugnay ng COVID-19 at anumang kondisyon sa operasyong nakasaad sa Kautusang ito. Bukod dito, ang mga negosyo ay kailangang maghanda, magpaskil, magpatupad, at mamahagi sa kanilang mga tauhan ng nakasulat na planong pangkalusugan at pangkaligtasan tulad ng iniaatas ng Estado ng California na nakabalangkas sa patnubay nito, gaya ng nakasaad sa Seksyon 13.c.



12. **Limitasyon sa Pagtitipon.** Patuloy na ipinagbabawal ang anumang laki ng pagtitipon sa labas ng iisang sambahayan o tirahan dahil nagdadala ang mga ito ng matinding panganib ng pagkakalantad sa COVID-19. Alinsunod dito, maliban sa lawak na pinagtibay o pinagtitibay ng Estado ng California sa hinaharap ng isang partikular na limitasyon o pahintulot sa laki ng mga pagtitipon (na isinama ayon sa pagsangguni), lahat ng pampubliko at pribadong pagtitipon ay hindi dapat hihigit sa 50 katao. Halimbawa, hindi papalitan ng limitasyong ito ang partikular na limitasyon/pahintulot na itinakda ng Estado para sa mga pagtitipon para sa pagpoprotesta at mga lugar ng pagsamba, na maaaring lumagpas sa limitasyong 50-katao kapag sumunod sa Kautusan ng Estado na Manatili sa Bahay. At, ang mga kalahok ng anumang laki ng mga pagtitipon ay kailangang sumunod sa Mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya at Pantakip sa Mukha tulad ng nakasaad sa ibaba sa mga Seksyon 13.d at 13.e. maliban na lang kung ito ay isang maliit na panlabas na pagtitipon ng mga indibidwal na kabilang sa parehong maliit na grupo (Social Bubble) na inilarawan sa Seksyon 13.f sa ibaba.
13. **Mga Kahulugan at Karagdagang Rekisito.**
- a. **Negosyo:** Para sa mga layunin ng Kautusang ito, kabilang sa isang "negosyo" ang anumang entidad na ang hangarin ay para kumita (for-profit), hindi para kumita (non-profit), o pang-edukasyon, maging isang korporasyon na entidad, organisasyon, partnership o solong pagmamay-ari, at anuman ang katangian ng serbisyo, tungkuling ginagawa nito, o ang istraktura ng korporasyon o ng entidad nito.
  - b. **Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya.** Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang mga pasilidad sa County na binisita o ginamit ng publiko o tauhan ay dapat, bilang isang kondisyon ng naturang operasyon, na maghanda at magpaskil ng "Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya" para sa bawat pasilidad. Ang Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya ay kailangang kasama sa form na kalakip ng Kautusang ito sa Appendix A, at dapat itong i-update mula sa mga nakaraang bersyon para matugunan ang mga bagong rekisito na nakalista sa Kautusang ito o sa kaugnay na gabay o mga direktiba mula sa Opisyal ng Kalusugan o Estado ng California. Ang Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya ay dapat na ipaskil sa o malapit sa pasukan ng kaugnay na pasilidad, at madaling nakikita ng publiko at mga tauhan. Dapat ding magbigay ng kopya ng Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya para sa bawat taong gumagawa ng trabaho sa pasilidad. Lahat ng negosyong napapailalim sa talatang ito ay kailangang magpatupad ng Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya at magbigay ng ebidensiya ng pagpapatupad nito sa sinumang awtoridad na nagpapatupad sa Kautusang ito kapag hiniling. Ang Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya ay kailangang magpaliwanag kung paano naisasagawa ng negosyo ang sumusunod, kung naaangkop:
    - i. Paglilimita sa bilang ng mga taong maaaring pumasok sa pasilidad sa bawat pagkakataon para matiyak na madaling mapanatili ng mga tao sa pasilidad ang hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa isa't isa sa lahat ng oras — para malinaw, ang limitasyong ito ay hindi nangangailangan ng panlipunang pagdidistansya kung saan gagawin nitong imposible ang pagganap ng mga gawain sa negosyo (halimbawa, habang ang isang barbero ay gumugupit ng buhok);



- ii. Pag-aatas sa lahat ng taong pumapasok sa pasilidad na magsuot ng takip sa mukha, maliban sa mga di-saklaw ng mga rekisito sa pantakip sa mukha (hal. mga bata) o talagang kinakailangan sa pagpapatakbo ng negosyo (hal., habang kumakain);
  - iii. Kung saan maaaring magkaroon ng pila sa isang pasilidad, may mga marka nang hindi bababa sa anim na talampakang pagitan, na nagtatakda kung saan dapat tumayo ang mga indibidwal para mapanatili ang sapat na panlipunang pagdidistansya;
  - iv. Paglalagay ng mga hand sanitizer, sabon at tubig, o epektibong pandisimpekta sa o malapit sa pasukan ng pasilidad at sa iba pang naaangkop na lugar na ginagamit ng publiko at mga tauhan, at sa mga lokasyon kung saan madalas ang pakikisalamuha ng empleyado sa mga miyembro ng publiko (hal., mga kahera);
  - v. Paglalaan ng mga sistema sa pagbayad na walang kontak (contactless payment systems) o, kung hindi posibleng gawin, ang paglalaan ng pandisimpekta sa lahat ng lugar ng bayaran, mga panulat, at mga stylus pagkatapos ng bawat paggamit;
  - vi. Regular na pagdisimpekta sa iba pang mga ibabaw na madalas hawakan;
  - vii. Paglalagay ng karatula sa pasukan ng pasilidad na nagpapaalam sa lahat ng tauhan at customer na dapat ay: hindi sila pumasok sa pasilidad kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19; panatilihin nila ang hindi bababa sa anim na talampakang layo sa isa't isa; bumahing at umubo sa sariling siko; at huwag makipagkamay o makibahagi sa anumang hindi kinakailangang pisikal na kontak; at
  - viii. Anumang karagdagang mga hakbang sa panlipunang pagdidistansya na ipinapatupad (tingnan ang gabay ng Centers for Disease Control and Prevention sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/guidance-business-response.html>).
- c. **Planong Pangkalusugan at Pangkaligtasan.** Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang lahat ng negosyong pinapatakbo sa mga lokasyon ng County na binibisita o ginagamit ng publiko o mga tauhan ay dapat, bilang kondisyon ng naturang operasyon, maghanda, magpaskil, magpatupad, at mamahagi sa kanilang mga tauhan ng nakasulat na planong pangkalusugan at pangkaligtasan na tumutugon kung paano ito susunod sa lahat ng naaangkop na gabay sa Buong Estado na inilabas ng Estado ng California, na isinasama ayon sa pagsangguni at dapat ituring na parang inilabas ng Opisyal ng Kalusugan at ipinag-uutos sa lawak na maaari. Kung isa itong negosyong nagbibigay-serbisyo na ginagawa sa mga tahanan ng customer, sa halip na magpaskil sa bahay, dapat na magpadala ng elektronikong bersyon ng plano sa customer nang kahit isang araw patiuna sa pagbibigay ng serbisyo. Bilang karagdagan, ang mga negosyo ay kailangang maglagay ng anumang mga karagdagang plakard o iba pang nilalaman na iniaatas ng San Mateo County Health at matatagpuan sa <https://www.smchealth.org/health-officer-orders-and-statements>. Ang patnubay para sa buong estado ay matatagpuan sa petsa ng Kautusang ito sa mga sumusunod na lokasyon: <https://covid19.ca.gov/roadmap-counties/> at <https://covid19.ca.gov/industry-guidance/>. Kung ang patnubay ng Estado ay nagbibigay ng isang "checklist", ang "checklist" ay maaaring magsilbing balangkas para sa kinakailangang plano.
- d. **Mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya.** Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "Mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya" ay nangangahulugang:



- i. Pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan na panlipunang pagdidistansya mula sa mga indibidwal na hindi bahagi ng parehong sambahayan o tirahan;
- ii. Ang madalas na paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo, o ang paggamit ng hand sanitizer na kinikilala ng Centers for Disease Control and Prevention bilang epektibo sa paglaban sa COVID-19;
- iii. Pagtatakip sa mga pag-ubo at pagbahing gamit ang tisyu o tela o, kung hindi posible, sa manggas o sa siko (ngunit hindi sa mga kamay);
- iv. Pagsusuot ng takip sa mukha kapag nasa pampublikong lugar, na naaayon sa mga kautusan o gabay ng Opisyal ng Kalusugan; at
- v. Pag-iwas sa pakikisalamuha sa labas ng bahay kapag may lagnat, ubo, o iba pang sintomas ng COVID-19.

Ang lahat ng mga indibidwal, kabilang ang mga taong responsable sa pangangasiwa sa mga menor de edad, ay dapat na mahigpit na sumunod sa Mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya, maliban sa limitadong saklaw na kinakailangan upang magbigay ng pangangalaga (kabilang ang pangangalaga sa bata, matanda o pangangalaga sa may edad, pangangalaga sa mga indibidwal na may espesyal na pangangailangan, at pangangalaga ng pasyente) o kung kinakailangan para maisagawa ang isang aktibidad.

- e. **Mga Rekisito sa Pantakip sa Mukha.** Ang isang "Pantakip sa Mukha" ay nangangahulugang pantakip na gawa sa tela o iba pang malambot at tinatagusang materyal, na walang butas, na nagtatakip lamang sa ilong at bibig at sa mga nalalapit na bahagi sa gawing-ibaba ng mukha. Ang isang pantakip na nagtatago o nagtatakip sa mata o noo ng nagsusuot ay hindi isang Pantakip sa Mukha. Kabilang sa mga halimbawa ng mga Pantakip sa Mukha ay ang scarf o bandana; pantakip sa leeg; isang gawang-bahay na pantakip galing sa kamiseta, sweatshirt, o tuwalya, na isinusuot gamit ang mga lastiko o iba pa; o isang mask, na hindi kailangang pang-medikal. Ang isang Pantakip sa Mukha ay maaaring gawa-sa-pabrika o gawang-kamay at nilikha mula sa karaniwang mga materyal sa bahay. Ang Pantakip sa Mukha ay dapat na maging komportable, para ang nagsusuot ay nakakahinga nang maginhawa mula sa ilong at para hindi kailangang ayusin ito nang madalas, para maiwasan ang paghawak sa mukha. Habang kulang ang suplay ng pang-medikal na mga mask tulad ng mga N95 mask at mga surgical mask, ang mga miyembro ng publiko ay hindi dapat bumili ng mga mask na ito bilang mga Pantakip sa Mukha sa ilalim ng Kautusang ito; dapat ilaan ang mga pang-medikal na mask na iyon para sa mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at mga unang rumeresponde. Sa pangkalahatan, kahit na hindi inaatas ng Kautusang ito, mariing hinihikayat ang mga tao na magsuot ng mga Pantakip sa Mukha kapag nasa labas. Gayundin, para sa mga Pantakip sa Mukha na hindi tinatapon pagkatapos ng bawat paggamit, dapat linisin/labhan ng mga tao ang mga ito nang madalas at magkaroon na mga ekstra para may malinis silang magagamit.

Tandaan na ang anumang mask na mayroong balbulang may iisang direksyon (one-way valve) (karaniwang isang plastik na silindro na kasing laki ng isang quarter sa harapan o gilid ng mask) na idinisenyo upang mapadali ang paghinga ay hindi isang Pantakip sa Mukha sa ilalim ng Kautusang ito at hindi dapat gamitin alinsunod sa mga rekisito ng Kautusang ito. Ang ganoong uri ng mga balbula ay nagpapahinulot sa paglabas ng maliliit na mga patak mula sa mask, na





naglalagay sa iba na nasa malapit sa panganib. Ang mga kalasag sa mukha (face shield) ay hindi Mga Pantakip sa Mukha sa ilalim ng Kautusang ito.

Ang impormasyon tungkol sa kung paano isuot at linisin ang mga Pantakip sa Mukha ay maaaring matagpuan sa website ng Centers for Disease Control and Prevention, sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/diy-cloth-face-coverings.html>.

- i. Ang lahat ng miyembro ng publiko, maliban sa partikular na hindi kasali sa ibaba, ay dapat na magsuot ng Pantakip sa Mukha sa labas ng kanilang bahay o sa ibang lugar na kanilang tinitirhan sa mga sumusunod sa sitwasyon:
  1. Kapag sila ay nasa loob ng, o nakapila upang makakuha ng mga bagay at/o serbisyo, anumang negosyo o iba pang entidad na pinapayagang makipagkalakalan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, mga tindahan ng groseri, convenience store, supermarket, laundromat, restawran, salon at pasilidad ng gobyerno;
  2. Kapag sila ay nakikibahagi sa trabaho sa isang negosyo o iba pang entidad na pinapayagang magpatakbo;
  3. Kapag sila ay kumukuha ng mga serbisyo sa mga pperasyon sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga ospital, klinika, lokasyon sa pagsusuri ng COVID-19, dentista, parmasya, blood bank at blood drive, iba pang mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, tagapagkaloob ng pangkaisipang kalusugan, o pasilidad na nagbibigay ng betertiaryong pangangalaga at katulad na mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga hayop - maliban kung ikaw ay sinabihan ng naiiba ng isang empleyado o manggagawa sa operasyon ng pangangalagang pangkalusugan; o
  4. Kapag sila ay naghihintay o sumasakay sa pampublikong transportasyon (kabilang nang walang limitasyon ang anumang bus, BART o CalTrain) o paratransit o nasa isang taxi, serbisyo ng pribadong kotse, o ride-sharing na sasakyan.
- ii. Ang bawat nagmamaneho o operator ng anumang pampublikong transportasyon o paratransit na sasakyan, taxi, serbisyo ng pribadong kotse o ride-sharing na sasakyan ay dapat magsuot ng Pantakip sa Mukha habang nagmamaneho o nagpapatakbo ng naturang sasakyan, kahit na may nakasakay man o wala na miyembro ng publiko sa sasakyan, dahil sa pangangailangang mabawasan ang pagkalat ng mga maliliit na patak mula sa palahingahan sa loob ng sasakyan sa lahat ng oras.
- iii. Maliban sa iniaatas dito, ang Kautusang ito ay hindi nag-aatas sa sinuman na magsuot ng Pantakip sa Mukha habang nagmamaneho nang mag-isa, o ang kasama lamang ay ibang mga miyembro ng parehong pamilya o sambahayan, sa isang sasakyan.
- iv. Ang lahat ng pinapatakpong negosyo at iba pang entidad ay dapat:
  1. Hilingin sa kanilang mga empleyado, kontratista, may-ari, at boluntaryo na magsuot ng Pantakip sa Mukha sa pinagtatrabahuhan at kapag nagtatrabaho sa labas ng opisina sa anumang oras ang empleyado, kontratista, may-ari, o boluntaryo ay:
    - a. nakikisalamuha nang personal sa sinumang miyembro ng publiko;



- b. nagtatrabaho sa anumang lugar na pinupuntahan ng mga miyembro ng publiko, tulad ng sa paraan ng halimbawa at walang limitasyon, mga lugar ng pagtanggap (reception area), tindahan ng groseri o mga pasilyo sa parmasya, mga service counter, mga pampublikong palikuran, mga lugar ng kahera at checkout, mga silid-hintayan, mga lugar ng serbisyo, at iba pang mga lugar na ginagamit para makisalamuha sa publiko, sa lahat ng oras kahit na may tao man mula sa publiko o wala sa panahong iyon;
  - c. nagtatrabaho sa anumang lugar kung saan inihahanda o binabalot ang pagkain para ibenta o ipamahagi sa iba;
  - d. nagtatrabaho sa o naglalakad sa mga karaniwang lugar tulad ng mga pasilyo, hagdanan, elevator, at pasilidad ng paradhan; o
  - e. nasa anumang silid o saradong lugar na may ibang mga tao (maliban sa mga miyembro ng sariling sambahayan o tirahan) ang naroroon.
2. Para sa paglilinaw, ang isang Pantakip sa Mukha ay hindi kinakailangan kapag ang isang tao ay nasa personal na opisina (isang solong silid) kapag ang ibang tao sa labas ng kanyang sambahayan ay hindi naroroon hangga't ang publiko ay hindi regular na pumupunta sa silid. Sa pamamagitan ng halimbawa at walang limitasyon, ang isang manggagawa sa konstruksyon, tubero, tagapamahala ng bangko, accountant, o taong nag-aayos ng bisikleta ay hindi kinakailangang magsuot ng Pantakip sa Mukha kung ang indibidwal na iyon ay mag-isa at nasa isang lugar na hindi karaniwang pinupuntahan ng publiko, ngunit ang taong iyon ay dapat magsuot ng Pantakip sa Mukha kapag may mga katrabaho na nasa malapit, kapag pinuntahan ng isang kliyente/customer, at sa anumang lugar kung saan ang mga miyembro ng publiko o iba pang mga katrabaho ay karaniwang naroroon. Bilang karagdagan, ang panandaliang pag-alis ng Takip sa Mukha kung kinakailangan upang mapanatili ang kalusugan at kaligtasan, ay hindi ituturing na paglabag sa Kautusang ito.
3. Gumawa ng makatuwirang mga hakbang, tulad ng pagpapaskil ng mga karatula, para paalalahanan ang kanilang mga customer at ang publiko na kailangan nilang magsuot ng Pantakip sa Mukha habang nasa loob ng o nakapila para pumasok sa negosyo, pasilidad, o lokasyon. Ang mga negosyo at entidad na pinahihintulatang patakbuhan sa ilalim ng anumang kautusan ng Opisyal ng Kalusugan ay kailangang gumawa ng makatuwirang mga hakbang tulad ng malinaw na karatula at berbal na utos upang pagbawalang pumasok ang sinumang miyembro ng publiko na hindi nakasuot ng Pantakip sa Mukha, huwag paglinkuran ang taong iyon kung ang mga pagsisikap na iyon ay hindi matagumpay, at maaaring tumawag sa pulisya para sa tulong kung ang taong iyon ay tumangging umalis.
4. Isang halimbawa ng karatula na gagamitin para abisuhan ang mga customer ay matatagpuan sa website ng County, sa <https://cmo.smcgov.org/document/face-covering-signs-businesses>.
- v. Ang sinumang batang may edad dalawang taon pababa ay hindi dapat magsuot ng Pantakip sa Mukha dahil sa panganib na hindi makahinga. Hindi inatasan ng Kautusang ito ang sinumang batang may edad labindalawang taon pababa na magsuot ng Pantakip sa



- Mukha. Ang mga magulang at mga tagapag-alaga ay dapat mangasiwa sa paggamit ng mga bata sa mga Pantakip sa Mukha upang maiwasan ang maling paggamit.
- vi. Inirerekumenda ang pagsusuot ng Pantakip sa Mukha habang nakikibahagi sa panlabas na libangan tulad ng paglalakad, pagha-hike, pagbibisikleta, o pagtakbo, ngunit hindi kinakailangan maliban na lang kung magagawang imposible ng mga kondisyon na mapanatili ang Mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya (tulad ng tinukoy dito), kabilang ang pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan na layo sa iba pang mga tao. Alinsunod dito, ang bawat tao na nakikibahagi sa naturang aktibidad ay dapat magdala ng Pantakip sa Mukha at magsuot ng Pantakip sa Mukha sa mga sitwasyong kung saan mahirap mapanatili ang pagsunod sa mga Rekisito sa Panlipunang Pagdidistansya (tulad ng tinukoy dito), at magdala sila ng Pantakip sa Mukha na nasa madaling abuting lokasyon, tulad ng sa paligid ng leeg ng tao o sa bulsa, para sa naturang paggamit. Dahil ang pagtakbo o pagbibisikleta ay nagdudulot sa mga tao na ilabas nang buong pwersa ang mga partikulo sa hangin, na ginagawang hindi sapat ang karaniwang pinakamababang anim na talampakang distansya, dapat magsagawa ng mga hakbang ang mga mananakbo at siklista upang maiwasan na malantad ang ibang mga tao sa mga partikulong ito, kabilang ang mga sumusunod na hakbang: pagsusuot ng Pantakip sa Mukha hangga't maaari; pagtawid sa kalye kapag tumatakbo para maiwasan ang mga naglalakad sa bangketa; pagbagal at paglipat sa gilid kapag hindi makaalis sa bangketa at papalapit sa ibang tao; hindi pagdura; at pag-iwas sa pagtakbo o pagbibisikleta nang direkta sa harap o likod ng isa pang mananakbo o siklista na wala sa parehong sambahayan.
- vii. Ang Pantakip sa Mukha ay hindi rin inaatas ng Kautusang ito na ipasuot sa isang partikular na indibidwal kung siya (o kung naaangkop, ang tagapag-alaga, tagapagbantay ng isang tao, o magulang ng menor de edad) ay makapagpakita ng isa sa dalawa: (1) pinayo ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na ang pagsusuot ng Pantakip sa Mukha ay maaaring magdala ng panganib sa taong nagsusuot ng Pantakip sa Mukha dahil sa mga kadahilanang may kaugnayan sa kalusugang pisikal o pangkaisipan, tulad ng kahinaan o kampansanan na makabuluhang nakakaapekto sa kakayahan ng taong ligtas na gumamit ng Pantakip sa Mukha; o (2) ang pagsusuot ng Pantakip sa Mukha ay magdudulot ng panganib sa tao na may kaugnayan sa kanilang trabaho tulad ng tinukoy ng mga lokal, estado, o pederal na tagapangasiwa o mga gabay sa kaligtasan sa pinagtatrabahuhan. Hindi rin dapat gamitin ang Pantakip sa Mukha ng sinumang may problema sa paghinga o walang malay, baldado, o kung hindi man ay hindi kayang alisin ang Pantakip sa Mukha nang walang tumutulong.
- viii. Ang COVID-19 ay madaling kumakalat sa mga sambahayan. Ang mga tao sa County ay hinihikayat na isaalang-alang kung ang pagsusuot ng Takip sa Mukha sa kanilang sambahayan o tirahan ay makaprotekta sa ibang taong nakatira doon na madaling mahawahan ng COVID-19. Kabilang sa mga taoong madaling mahawa ay: mga taong animnapung taong gulang pataas; mga taong may malubhang sakit sa puso, altapresyon, labis na katabaan, diyabetis, talamak na sakit sa baga, talamak na sakit sa bato na ginagamot ng dialysis, at katamtaman-hanggang-malubhang hika; at mga may mahinang sistemang imyunidad. Ang pagpapasyang ito ay ipinaubaya sa indibidwal ngunit dapat



talagang isaalang-alang para sa sinumang naninirahang kasama ang isang madaling mahawang tao at madalas nagsasagawa ng aktibidad sa labas ng bahay.

- f. **Maliit na Grupo (Social Bubble).** Ang Maliit na Grupo (Social Bubble) ay isang grupo ng labindalawa o mas kaunting bilang ng mga tao mula sa iba't ibang sambahayan o tirahan na sumang-ayon na makihalubilo lamang sa mga miyembro ng kanilang grupo. Ang isang Maliit na Grupo (Social Bubble) ay kailangang mapanatili nang hindi bababa sa tatlong linggo. At ang mga tao ay maaari lamang maging miyembro ng isang Maliit na Grupo (Social Bubble) sa isang pagkakataon. Habang ang mga pantakip sa mukha at panlipunang pagdidistansya ay laging iminumungkahi, ang mga miyembro ng isang Maliit na Grupo (Social Bubble) ay hindi mapapasailalim sa mga rekisitong ito kapag kasama sa labas ang mga miyembro ng kanilang Maliit na Grupo sa gayon ding paraan na para bang sila ay nabibilang sa iisang sambahayan o tirahan.
14. **Pagpapatupad ng Batas.** Alinsunod sa seksyon 26602 at 41601 ng Alituntunin ng Gobyerno at seksyon 101029 ng alituntunin sa Pangkalusugan at Pangkaligtasan, ang Opisyal ng Kalusugan ay humihiling na tiyakin ng Sheriff at lahat ng hepe ng pulisya sa County ang pagsunod sa at pagpapatupad ng Kautusang ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito ay nagpapahiwatig ng isang nakaambang panganib sa pampublikong kalusugan, nagpapahiwatig ng isang pagpeperwisyo sa publiko, at mapaparusahan ng multa, pagkabilanggo, o pareho.
15. **Itinakdang Petsa at Oras.** Ang Kautusang ito ay magiging epektibo kaagad at mananatiling may bisa hanggang sa bawiin, palitan, o baguhin ito sa pamamagitan ng pagsusulat ng Opisyal ng Kalusugan.
16. **Mga Kopya.** Ang mga kopya ng Kautusang ito ay agad na: (1) gagawing available sa 400 County Center, Redwood City, CA 94063; (2) ilalagay sa website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ([www.smchealth.org](http://www.smchealth.org)); at (3) ibibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihingi ng isang kopya ng Kautusang ito.
17. **Pagbubukod.** Kung alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pagkakataon ay ituturing na walang bisa, ang natitirang bahagi ng Kautusan, kabilang ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pagkakataon, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy nang may buong lakas at bisa. Sa layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring paghiwalayin.



**IPINAG-UUTOS:**

*/Nilagdaan/*

Scott Morrow MD, MPH  
Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo

Petsa: Hunyo 17, 2020

Mga Kalakip: Appendix A – Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya